# *LIP-SYNCHING*

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie Rodriguez, Elder-Founder
Marso 06, 2021

Karamihan sa mga Kristyano ay alam kung ano at paano sabihin ang mga bersikulo sa Bibliya, ngunit mabibilang lamang ang gumagamit sa mga ito sa totoong buhay. Nagli *lip-synch* sila para magmukhang alam na alam nila kung ano ang sinasabi ng Bibliya; gayunman, ito'y puro salita lang. Ang pitong anak ni Esceva ay nagpanggap na kakilala nila si Jesus at sinubukan nilang palayasin ang demonyo sa inaalihang lalaki ngunit nanaig ang lakas ng demonyo (Gawa 19:13-16). Bilang Kristiyano, tinawag tayo ng Diyos hindi para mag *lip synch* kundi maging totoo – mag aral ng Salita ng Diyos, maging saksi sa ngalan Niya, at maglingkod nang buong puso; si Jesus, ang ating Diyos ay isang perpektong halimbawa.

**1. Nakikita ang *lip-synching* sa**:

**1.1 Pagpapagaling**. Ang regalong nagpapagaling ay kusang ibinibigay ng Diyos (Mt. 10:18). Subalit, may mga pari at mga pastor na inaangkin ang kapangyarihang magpagaling at hindi nila napagtanto na daluyan lamang sila ng kapangyarihan ng Diyos (Exo.15:26).

**1.2 Pagsamba.** May mga Kristiyanong nagkukunwaring nagpupuri't nagsasamba sa Diyos. Nagli*lip synch* sila dahil ang kanilang puso ay hindi nakatuon kay Jesus. Kahit nagsisimba sila hindi rin sila humihingi ng kapatawaran sa Diyos. "Kung ako'y inyong iniibig tutuparin niyo ang aking mga utos"(Jn. 14:15). Magkaroon tayo ng tunay at malalim na pakikipag-ugnayan sa Kanya.

**1.3 Panalangin. "**Sa panalangin ninyo, huwag kayong gagamit ng maraming salita, gaya ng mga ginagawa ng mga Hentil. Ang akala nila'y pakikinggan sila ng Diyos dahil sa dami ng kanilang salita" (Mt. 6:7). Ipakita natin ang ating paggalang, katapatan at kababaang loob sa panalangin dahil nakikita ng Diyos kung ano ang nasa puso natin.

**1.4 Paglilingkod sa labi**. "Ngunit ang lumalabas sa bibig ay nanggagaling sa puso, ito ang nagpaparumi sa tao" Mt.15:18). Kaya't dapat nating ipakita ang ating katapatan sa Diyos sa pamamagitan ng tunay nating paglilingkod.

**1.5 Pananampalataya.** (Mk.11:23-24) Lagi nating sinasabi na tunay tayong nananalig, ngunit ito ay *lip synch* dahil nag-aalinlangan tayo. Huwag nating tingnan ang sitwasyon (problema), magpokus tayo sa Diyos na higit na malaki kaysa sa suliranin natin (Santiago 1:6). Kung inaangkin natin ang Salita ng Diyos, huwag mangamba. Kung nangamba tayo, nag *lip synch* tayo.

**1.6 Nakikinig ngunit di isinasabuhay ang Salita ng Diyos**. Isabuhay ang Salita ng Diyos sa lahat ng pagkakataon (Awit 119). Kung pinapakinggan natin ang Kanyang Salita, dapat sundin natin ito para magkaroon tayo ng matatag na pundasyon (Mt. 7:24).

**1.7 Bulaang Propeta. "**Mag-ingat kayo sa mga bulaang propeta; nagsisilapit sila sa inyo na animo'y tupa, ngunit ang totoo'y mababangis na asong gubat" (Mt.7:15).

**1.8 Tagapangaral.** May ibang mangangaral na akala mo'y tunay ngunit di nila ginagawa ang kanilang itinuturo ( Sn 3:1-3).

**2. PAANO MAIWASAN ANG *LIP-SYNCHING*:**

2.1. Manalangin na magkaroon nang malalim na pagnanasa sa Kanyang Salita.
2.2.Pagnilayan ang pahayag ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Salita.
2.3. Pag- aralan ang Salita ng Diyos.
2.4. Isaulo ang banal na kasulatan.
2.5 Angkinin ang Salita ng Diyos.
2.6 Bigkasin ang Salita ng Diyos gabi't araw.
2.7 Ibahagi ang Kanyang Salita sa iba.

***B****-basic* ***I****-instruction* ***B****-before* ***L****-leaving* ***E****-earth* (kahulugan ng ***BIBLE*** akronim)

**3. Konklusyon**: Sa panahon ngayon na tayo ay sinusubok, nawa magkaroon tayo ng tapang na maging tunay sa ating mga pinipiling salita.

**Pagninilay:** 1. Alin sa mga nabanggit sa itaas ang naranasan mo na? 2. Masasabi mo bang isa ka sa mga nag *lip-synch*? 3. Nakahanda ka na bang mangakong magkaroon ng buhay na walang pagkukunwari?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P. Sarmiento
**Na- edit** ni: Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
#Papuri, #kagalingan, #pananalangin, #paglilingkod